International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 3 Special Issue | July 2022
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 166

# The Ibanag Unoni's Hermeneutic Approach and it's Profound Influences

**Jessica Guiyab-Lacambra**
Cagayan National High School
jessica.lacambra@deped.gov.ph

## Abstract

Having a good character and attitude of a person is not only the guidance of parents give but also the help of the literature that has passed to them that help their child mold into what they are now. The "unoni" or proverb of Ibanag influences their life as parents and for their children. This research wants to know how the "unoni" or proverb help them to become a better person in their community. The researcher discussed the lesson in the "unoni" or proverbs of Ibanag in the City of Tuguegarao. The different "unoni" or proverbs are grouped according to their forms and themes. The researcher also discussed how the "unoni" or proverbs help their life, especially the upbringing of their children to become good people and be successful people in the future. The "unoni" or proverbs are used in every situation depending on the needs of the person to have good advice in their life. The researcher found that this kind of literature is already part of their everyday life not only before but also today, and Ibanag people can't separate their literature in disciplining their children to be good people and to have a good relationship with their families.

***Keywords***: *Ibanag, forms,themes, proverbs, values, lesson, child upbringing.*

ISSN: 2799 - 1091


# Herminyutikal na Dulog sa Malalimang Impluwensiya ng mga Unoni ng Ibanag


## Abstrak

Ang pagkakaroon ng gabay para sa maayos at magandang pag - uugali ng isang tao ay hindi lamang dahil sa mga magulang kundi pati nadin sa mga literaturang kanilang nilakhan na siyang tumulong sa kanila para mahubog ng naayon ang kanilang mga mahal sa buhay. Ang unoni o "proverbs" ng mga Ibanag ay nakaimpluwensiya ng malaki hindi lamang sa kanila bilang mga magulang kundi pati din sa kanilang mga anak. Ang pananaliksik na ito ay nagnais na malaman kung gaano nakatulong ang unino sa pagpapalaki ng maayos ng mga mamamayan ng Ibanag sa kanilang mga anak. Tinutukoy ng mananaliksik ang mga aral na nakapaloob sa bawat unoni ng mga Ibanag sa lungsod ng Tuguegarao City. Tinalakay din dito ang bawat anyo ng mga unoni na naging bahagi ng mga Ibanag sa kanilang pagpapalaki ng maayos ng kanilang mga anak. Sinaliksik din dito, kung paano nakatulong ang unoni sa pamumuhay ng mga Ibanag lalong - lalo na sa pagpapalaki ng kanilang mga anak para sa maayos na pakikitungo sa nakakatanda. Natalakay din ng mananaliksik ang mga temang madalas na laman ng mga unoni ng mga Ibanag sa paggamit ng mga ito depende sa pangangailangan ng sitwasyon. Dahil dito natuklasan ng mananaliksik na ang mga unoni sa kanilang literatura ay sobrang nakaimpluwensiya sa kanilang pang - araw - araw na pamumuhay hindi lamang noon kundi hanggang sa kasalukuyan. Natuklasan din ng mananaliksik na kahit lumipas na ang panahon ay hindi naihihiwalay ang mga unoni sa pagdidisiplina ng mga magulang para sa maayos na pagpapalaki ng kanilang mga anak na siya naman nagiging gabay ng mga ito para maging matagumpay sa kanilang buhay. Daan din umano ito para mas lalong mapanatili ang kanilang kultura at malalim na samahan ng bawat Ibanag sa kanilang pamilya at kapwa tao.

***Susing salita:*** *Ibanag, anyo, tema, pagpapahalaga, aral, salawikain, maayos na pagpapalaki sa mga bata.*

## Introduksiyon

Kilala ang Pilipinas na mayaman sa iba't ibang literatura at paniniwala na naging bahagi na din ng mga pamumuhay ng mga Pilipino bilang kanilang mga gabay para sa maayos na pamumuhay at pakikisama ng bawat isa. Ang mga kulturang ito ay isa sa mga naging gabay ng mga mamamayan para sa kanilang hinaharap na buhay.

Ang Rehiyon 2 ay binubuo ng limang (5) probinsiya na kung saan may kanyan - kanyang mga ipinagmamalaking kultura, paniniwala, tradisyon at pananampalataya. Ito ay ang mga probinsiya ng Nueva Vizcaya, Isabela, Quirino, Cagayan at Batanes.

Ang Cagayan ay ang pinakamalaking probinsiya sa rehiyon 2 na kung saan kakikitaan din dito ang iba't ibang kultura, paniniwala, tradisyon at pananampalataya. Ang probinsiya din ay binubuo ng dalawampu't walong bayan, isa na dito ang bayan ng Tuguegarao City na kabisera ng probinsiya. Ang Lungsod ng Tuguegarao city ay binubuo din ng dalawampu't siyam na Barangay. Ang Lungsod ay kakikitaan ng iba't ibang kultura at paniniwala. May tatlong nangingibabaw na mga dayalekto sa lungsod ng Tuguegarao City, ito ay ang Ibanag, Itawes at Iloko.

Base sa kasaysayan ang Ibanag ay ang orihinal na lenggwahe sa lungsod na ginagamit ng mga mamamayan dito. Kapareho ng ibang dayalekto sa lungsod ay may makukulay din na literatura ang mga Ibanag; ito ay ang "palavvun" o bugtong at

ISSN: 2799 - 1091


"unoni" o salawikain. Ang Unoni o salawikain ay ginagamit ng mga matatanda para sa pag -papaalala sa kanilang mga mahal sa buhay sa mga magagandang kaugaliang kailangang ipakita sa mga taong nakapaligid sa kanila at gabay din para sa pag - abot ng kanilang mga pangarap sa buhay.

Sa pag-aaral na ito ay nais ng mananalisik na malaman ang lalim na impluwensiya ng unoni sa pamumuhay ng mga Ibanag. Ayon kay Siplac ( 2021), ang ''unoni o akkahi'' ay nakakatulong nang malaki para sa pagpapalawak ng payo, pabibigay-aral at paalala upang magabayan ang bawat indibidwal ng tama at mabuting pamamaraan ng pamumuhay lalo na sa mga kabataang walang pagpapahalaga sa tama at wastong pag-uugali. Ang salawikain ay napakahalagang gamitin sapakat mas tumatalab at tumatagos ito sa isip at damdamin ng mga tao. Base din sa pag-aaral ni Melad (2014), sa "Ybanag Unoni: Reflective of Values and Virtues", ang unoni di umano ay sumasalamin sa halaga at ang pagiging makadiyos ng mga Ibanag. Sinabi din ni Melad na ang unoni ng mga Ibanag ay tumutukoy sa pagkakaisa at pagpapahalaga sa edukasyon ng mga Ibanag. Makikita na napakalaking impluwensiya ng mga iba't ibang kulturang nakalakihan ng mga mamamayan na siyang nagiging gabay sa maayos na pakikisama ng mga Cagayanos. Ang nilalaman ng bawat unoni ay nagpapakita ng mga kulturang magiging gabay sa kanilang pamumuhay, pagpapalaki ng kanilang mga anak at pakikisama ng maayos sa mga mamamayan ng mga taga-Cagayanos.

Sa pag-aaral na ito bibigyang-pansin dito ang pagpapahalaga ng mga taga-Tuguegarao sa kanilang unoni bilang gabay sa maayos na pagpapalaki sa mga kabataan na nagpapakita ng patuloy na pagyakap ng mga mamamayan dito sa kanilang kultura. Sa ibang pag-aaral, gaya ng pag-aaral ni Melad (2014), ang pagpapahalaga sa unoni ay ikinumpara nito sa balangkas ng Departamento ng Edukasyon na maaaring magamit sa pagtuturo sa mababa at mataas na paaralan.

Nais ng mananaliksik na matuklasan kung gaano nakaimpluwensiya nang husto ang unoni o "provebrs" sa buhay ng mga taga-Tuguegarao lalo sa pagpapalaki ng kanilang mga anak. Ang unoni ay may iba't ibang paksa gaya ng paggalang, pagmamahal, pamilya, pagtanaw ng utang na loob, at iba pa.

## Paglalahad ng Suliranin

Ang pag - aaral na ito ay tungkol sa "Hermenyutikal na Dulog sa Malalilamang Impluwensiya ng mga Unoni ng Ibanag", ang pag - aaral na ito ay naglalayon na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano - anong unoni ang madalas na ginagamit ng mga Ibanag sa kanilang pamumuhay?
2. Ano - anong mga aral ang nakapaloob sa unoni ng mga Ibanag?
3. Ano - ano ang mga Unoni ng mga Ibanag base anyo nito?
    3. 1. Isahan na linya
    3. 2. Dalawahan na linya
    3. 3. Tatluhan na linya
    3. 4. Apatan na linya
    3.5. Limahan na linya
4. Paano nakatulong ang mga unoni ng Ibanag sa pang - araw - araw nilang pamumuhay?

## Mga Kaugnay na Literatura at Pag - aaral

ISSN: 2799 - 1091


Makikita dito ang iba’t ibang akdang pampanitikan na maiuugnay ng mananaliksik sa kanyang gagawing pag-aaral. Ang mga akdang ito ay magiging batayan ng mananaliksik para matuguanan at mabigyang patunay ang mga sulitanin sa pag-aaral na kanyang gagawin.

Ang Panitikan ng Pilipinas, binubuo ng mahigit 7,000 pulo ang Pilipinas. Sa bawat pangkat ng mga pulo, may iba’t ibang grupo ng mga tao nanagsisipagsalita at nagkakaunawaan sa bisa ng wika. Dahil sa pagkakahiwa-hiwalay ng mga pulo, ang pamumuhay, ang kultura at angwika ay nag-iiba-iba rin.Ang pag-aaral ng mga panitkan sa Pilipinas ay mistulang pagmamapa ng Pilipinas. Sa bawat pook o rehiyonng bansa, matatagpuan ang mga anyong pampanitikan na natatangi at doon lamang matatagpuan. Ito ay dahil sa ang pagtatala ng karanasan sa bisa ng panitikan, at pagbibigay-ngalan ay nag-iiba-iba rin ayon sa kanilang karanasan, kapaligiran at kasaysayan. Samakatwid, kinakailangan ng napapanahong paksa at aralin ang mga panitikan ng Pilipinas. Dapat mabatid ng bawat mag-aaral na Pilipino ang kanyang pinag-ugatan at nang lalong mapagtibay ang kanyang kaakuhan at pagkamamamayan. Sa pag-aaral ng mga panitikan ng Pilipinas sa iba’t ibang wika kung gayon, maaaring matuklasan din ang iba-iba pang tinig at boses ng mamamayang Pilipino. Tinig na maaaring naisantabi sa mahabang panahon dahil sa limitadong mga aklat pampanitikangmababasa, masusuri at maipapalaganap. Ayon kay Pertierra (2002), ang kultura di umano ay isang lente na hindi nakikita na kung saan makikita lamang ito kung ito ay iyo ng naranasan.

Ayon sa isa nating Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan na si Almario 201, kasintanda ng limbag na panitikan sa bansa ang pagsasalin sa atin o anumang bungang-isip na naisatitik. Ang mga Panitikan ang nagsisilbing gabay sa pamumuhay ng mga Pilipino sa araw - araw. Ito ang sinasalita ng mga matatanda, para bigyang payo ang mga kabataang nawawala sa kanilang landas at nagpapatalas din ng mga kaisipan.

Ang salawikain ay sinasalita ng may matalinghagang pamamaraan at may iba’t ibang uri ng anyo nito. Ang salawikain ay nagsisilbing tuntunin o paraan na kanilang mga sinusunod bilang paggalang sa kanilang mga ninuno.

Marami nang pag-aaral ang ginawa ng mga dalubwika sa panitikan ng Pilipinas at sa pagsasalin sa mga ito.

“Ang pangangailangang maidulot at maipamahagi ang mga kaalaman at kasanayan, bukod sa patuloy at walanghumpay na paglikha at pagdukal ng mga bago’t bagong teknolohiya, ay nagpapatindi sa halaga ng pagsasalin bílang tagapamagitan ng mga wika at kultura ng mundo” (Virgilio Almario, 2016).

Sinabi ni Charles Simmons (1995):”Our attitudes control our lives; attitudes are a secret power working twenty-four hours a day, for good or for bad. It is a paramount importance that we know how to harness and control this great force.”

Mula sa iba’t ibang dalubhasa na ang salawikain ay nagiging gabay o tulong upang Maging gabay ng mga tao sa tama at wastong paraan ng kanilang pamumuhay at ayon sa kanya, napakahalaga ang ugali ng tao sapagkat ito ang may kapangyarihang humawak at humubog sa kabuuan ng isang tao maganda man o hindi sa kanyang hinaharap.

## METODOLOHIYA

Inilahad sa pag-aaral na ito ang mga naisagawa at pamamaraang ginamit para masolusyunan ang mga suliranin sa pag - aaral na nais mabigyang kasagutan. Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibong pamamaraan ng pag - aaral na kung saan ang kwalitatibong pamamaraan ang ginamit para mailarawan ng mabuti at maayos ang pag - aaral na isinagawa. Sa pag - aaral din na ito ang mananaliksik ay gumamit ng thematic analysis.

**Saklaw**

Ang pag-aaral na ito ay nangailangan ng mga respondante na may kaalaman sa iba't ibang unoni ng mga Ibanag na kung saan ang mananaliksik ay naghanap ng mga matatandang bihasa sa dayalektong Ibanag at nakakaalam sa kultura ng mga Ibanag. Naghanap ng sampu (10) hanggang dalawampung (20) respondante ang mananaliksik sa lungsod ng Tuguegarao na siyang nakatulong sa pag - aaral na ito. Ang pag - aaral na ito ay natapos noong Hunyo, 2022.

**Lugar ng Pag-aaral**

Isinagawa ang pag -aaral sa barangay ng Libag, Gosi, Tagga, Dadda, at Namabbalan sa lungsod ng Tuguegarao City na kung saan sa lugar na ito ay natagpuan ng mananaliksik ang mga bihasa sa dayalektong Ibanag.

**Mga Kalahok sa pag-aaral**

Ang mga respondanteng kalahok sa pag - aaral na ito ay ang mga mamamayan ng mga barangay ng Libag, Gosi, Tagga, Dadda, at Namabbalan sa lungsod ng Tuguegarao City na nakakaalam sa literatura ng mga Ibanag lalo na sa kanilang unoni. Pinili ang mga kalahaok base sa mga sumusunod:

1. Edad 50 pataas;
2. Bihasa sa literatura ng Ibanag at dayalekto; at
3. Natural na isinilang sa Lungsod ng Tuguegarao City.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Ang paraan ng pangangalap ng mga datos sa pag-aaral na ito ay kinapalooban ng mga hakbang. Ginamit ang "purposive sampling" na pamamaraan ng mananaliksik para sa pagtukoy sa mga respondante. Humingi ng pahitulot ang mananaliksik sa mga repondante upang malaman ang naging impluwensiya ng Unoni sa kanilang buhay. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng impormal na pakikipanayam sa mga matatandang Ibanag ukol sa kanilang mga salawikain o unoni. Ang mga nilalaman ng katanungan ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang mga aral ang nakapaloob sa salawikain o unoni ng mga Ibanag na ginagamit sa pang - araw - araw na pamumuhay?
2. Ano ang naging tulong ng salawikain o unoni sa pagpapalaki ng kanilang mga mga anak at kanilang pamumuhay?
3. Naoobserbahan parin ba sa kasalukuyan ang mga aral na nakapaloob sa kanilang salawikain o unoni base sa kanilang pamumuhay ngayon?

Pinangkat din ng mananaliksik ang mga unoni na ginamit base sa kanilang tema na kung saan makikita dito kung paano naging parte ng pamumuhay ng mga Ibanag ang literaturang ito. Nagbase ang mananaliksik sa " Eugines classifications grid", para maipangkat sa kani - kanilang mga temang nais iparating sa bawat unoni.

**PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAHALAGA**

Dito malalaman ang naging impluwensiya ng unoni ng mga Ibanag sa kanilang pamumuhay na naging gabay nila para sa maayos na pagpapalaki sa kanilang mga anak at naging gabay sa kanilang pamumuhay sa kasalukuyan.

**Paglalahad at Pagsusuri**

Ang literatura ng mga Pilipino ay sobrang nakaimpluwensiya sa buhay ng mga mamamayan sa bansang Pilipinas. Sa kasalukuyan dala - dala parin ng mga Pilipino ang mga aral na kanilang naisabuhay sa mga iba't ibang literatura tulad ng unoni ng mga Ibanag sa probinsiya ng Cagayan, lalo na sa lungsod ng Tuguegarao. Nakikita parin sa bawat mamamayan dito na hinding - hindi maiihiwalay ang mga aral na kanilang napulot sa kanilang unoni na naisasabuhay hanggang sa kasalukuyan.

Makikita dito ang ilang mga unoni na nagkaroon ng malaking parte sa kanilang buhay mula pagkabata hanggang sa pagtanda. Sa bawat araw ng kanilang buhay ay naiuugnay ang mga unoni na namana sa kanilang mga ninuno para maging paalaala sa mga gawaing di maganda. Kaya mapapansin na kahit ilang henerasyon na ang nakalipas ay ito parin ang isa sa mga nagiging paraan ng mga matatanda sa pagbibigay ng payo sa mga bagong henerasyon na kabataan sa kasalukuyan.

**1. Anyo ng Unoni**

Ang mga unoni ng mga Ibanag ay may iba't ibang anyo na kung saan pinangkat ng mananaliksik ang mga unoni base sa kanilang anyo. Nakapalood din dito ang mga aral na nais ipabatid at maisabuhay ng mga Ibanag sa mga kabataan.

**Talahanayan 1.1. Isahang Linya**

| ***Ibanag na UNONI*** | ***Aral na Nakapaloob*** |
|---|---|
| Ari ca mamappalla ta bagu ca la nappaya. (Huwag kang magmataas dahil nagsisimula ka pa lang.) | Maging mapagkumbaba |
| Mapia ca nacuan nu maguinna ca ta tabarang.(Mabuti sana ang buhay mo kung nakinig ka sa mga payo.) | Makinig sa payo |
| Awan tu umune ta uton ng ari umuluk ta davvum. ( Walang sinuman ang nasa itaas na hindi nagsisimula sa ibaba.) | Laging isaisip kung saan ka nagsimula. |
| Vulauan paga ic cucum amu y ginafu-gafum. (Ginto man ang iyong kuko alam mo parin ang iyong pinagmulan.) | Hindi nakalilimot sa pinagmulan. |
| Awat tu tanakwan nga abugadum nu ari y nono^ mu anna futum. (Walang ibang magtatanggol sa'yo kundi ang iyong puso't isip.) | Pagpanig sa katotohanan. |

Batay sa talahanayang 1.1, ito makikita ang ilan halimbawa ng unoni na nasa isahang anyo. Bawat ayon ay kinapapalooban ng aral gaya ng mga sumusunod:

***Maging mapagkumbaba***. Ibig sabihin nito ay huwag magmataas sa kapwa tao lalo na't wala pa tayong napapatunayan sa buhay. Laging ilapat ang mga paa sa lupa at huwag magmayabang kung bago ka pa lamang na nakakaangat sa buhay.

Ang unino na ito sa mga Ibanag ay nagpapatunay na pinapahalagahan parin nila ang paggalang sa kapwa na kung saan kailangan nilang patunayan na kahit nagsisimula pa lamang sila ay hindi sila basta-basta nakaklimot sa kanilang pinanggalingan at huwag

sila magmayabang kung nagsisimula pa lamang umangat ang iyong pamumuhay, dahil maaari kang lumagapak ng malakas.

***Makinig sa payo.*** Ang ibig sabihin nito ay hindi ka ipapahamak ng taong mahal mo sa buhay sa mga payong sinasabi saiyo para maging maayos ang itong pamumuhay.
Ang pakikinig sa payo ng mga nakakatanda ay lubhang napakahalaga para sa mas maayos na pamumuhay ng isang tao. Malaki din ang epekto ng mga payo sa pamumuhay at desisyong iyong gagawin sa buhay para maabot ang mga pangarap ng mga kabataan sa hinaharap.
Ang unoni na ito sa buhay ng mga Ibanag ay may malaking impluwensya sa kanilang pamumuhay dahil walang payong ipapahamak ang mga minamahal, kaya lagi nilang pinskikinggan ang mga nakatatanda lalo na't alam nilang malaki ang magiging tulong nito sa gagawin nilang desisyon sa buhay.

***Laging isaisip kung saan ka nagsimula at Hindi nakalilimot sa pinagmulan.*** Bawat gawain ng mga tao ay laging nagsisimula sa umpisa. Walang mabilis na paraan para maabot kaagad ang pangarap sa buhay. At bawat tagumpay ay may simula kaya laging lumingon kung saan ka nanggaling at isipin kung paano ka nakarating sa iyong kinalalagyan ngayon.
Ang unoni na ito sa pamumuhay ng mga Ibanag ay sobrang nagbibigay puwang sa kanila kung anuman ang kanilang naabot ngayong kasalukuyan. Karamihan sa mga mamamayan ng Tuguegarao City na nakakaangat na sa buhay at may magaganda ng trabaho s iba't ibang lugar dito sa Pilipinas at ibang bansa ay pinipili parin nilang bumalik dito sa kanilang lugar para makasama ang kanilang mga mahal sa buhay at magbalik ng biyayang kanilang natanggap sa mga taong nakatulong sa kanila noong sila ay nagsisimula pa lamang.

***Pagpanig sa katotohanan.*** Ibig sabihin nito, laging maging totoo sa iyong sarili at gumawa ng tama hindi lang para sa kapwa kundi para din sa sarili. Mas maayos ang pamumuhay kapag nasa katotohanan at hindi ka kakainin ng iyong konsensya.
Ang unoni na ito sa mga Ibanag ay nagpapakita ng hindi nila hinahayaan na manaig ang kasinungalingan sa kanilang lugar na kung saan mapapansin sa kanilang pamumuhay na kung ano ang tama ay iyon ang kanilang pinaninindinggan at hindi nila hinahayaan na manaig ang kasinungalingan sa kanilang lugar at hindi din nila hinahayaan na maging bahagi ito ng kanilang pamumuhay.

**Talahanayan 1. 2. Dalawahang Linya**

| ***Ibanag na UNONI*** | ***Aral na Nakapaloob*** |
|---|---|
| Y napia nga pangnga-pangwa na.<br>Y kurug nga vulauan.<br>( Ang magandang pakikisama sa kapwa,<br>Ang totoong ginto.) | Maayos na realasyon sa kapwa. |
| Ari ka mappa - pakke<br>Ta awan, paga tu neture.<br>( Huwag kang magmayabang,<br>Dahil wala ka pang napapatunayan.) | Pagiging mapagkumbaba. |
| Kitu nga nepallo y uvug na,<br>Awan tu makaga na.<br>( Aso na sobrang lakas ng tahol, | Isagawa ang sinasalita. |

| | |
|---|---|
| Wala naman itong nagagawa) | |
| Awan tu serbi na aru nga kukua.<br>Nu marake y pangpangapan na,<br>( Walang silbi ang maraming pera,<br>Kung sa masama naman nanggaling.) | Huwag manlinlang ng kapwa/<br>Ang yaman ay pinaghihirapan. |
| Ya tollay nga nalappat y massappat.<br>Ta tollay nga nalatac, y makkappag.<br>(Ang taong masipag may pagkaing maihahain sa hapag kainan,<br>Ang taong tamad ay walang makain.) | Maging pursigido sa buhay. |

Sa talahanayan 1.2, ito ay nasa ikalawang anyo na naglalaman ng iba't ibang aral katulad ng mga sumusunod:

***Maayos na realasyon sa kapwa.*** Ang pagkakaroon ng maayos na pagkakaunawan sa kapwa ay napakahalaga sa bawat pamilya. Bawat mabutin gawain sa kapwa tayo ay bumabalik din sa atin. Ang pakikisama ng maayos sa kapwa ay nagpapakita ng maayos na pagpapalaki ng mga magulang sa kanilang mga anak.

Ang unoni na ito sa buhay ng mga Ibanag, kapag maganda ang iyong ipinakita sa iyong kapwa ay babalik ito doble sa hindi mo inaasahan. Saan ka man pumunta dito sa lungsod ng Tuguegarao mapapansin mo na kapag ang dalawang tao ay nagkasalubong hindi man sila magkakilala ay nagtatanguhan sila na ang ibig sabihin ay paggalang nila sa bawat isa. Hindi din nawawala sa kanilang tradisyon bilang paggalang ang pagmamano sa mga nakatatanda.

***Isagawa ang sinasalita.*** Ibig sabihin nito, huwag puro salita lamang at ngawa sabayan ito ng kilos. Kapag nangako ka sa isang bagay dapat mo itong tuparin at huwag paasahin ang mga tong naka[aligid saiyo.

Ang unoni na ito sa buhay ng mga Ibanag ay napakaimportante, dahil para sa knilang ang pangako ay dapat isinasagawa at hindi napapako. Isakatuparan ito para pagkatiwalaan ka ng iyong kapwa. Huwag lang hanggang salita dahil makakasira ito sa iyong pagkatao.

***Huwag manlinlang ng kapwa / Ang yaman ay pinaghihirapan***. Ang unoni na ito ay nangangahulugan na kung nasaan man sila ngayon sa buhay ay pinagtrabahuhan nila at pinaghirapan. Isa sa mga prinsipyo ng mga Ibanag ay umangat na walang naaapakan na ibang tao sa kanilang pag-angat sa buhay.

Ang unoni na ito sa buhay ng mga Ibanag ay nagpapakita hindi basta - basta naaabot ang isang bagay na hindi mo ito pinaghirapan at pinagtrabahuhan. Mas magaan di umano sa kanilang pakiramdam na naabot nila ang kanilang mga pangarap sa buahy na hindi nanloko at hindi nanghamak ng kanilang kapwa.

***Maging pursigido sa buhay***. Kapag may pangarap ka at gusto mo itong matupad, kailangan mo itong pagtrabahuhan at isakatuparan. Mga katagang madalas namumutawi sa mga bibiga ng mga Ibanag na magulang para sa kanilang mga anak.

Ang unino sa buhay ng Ibanag na ito ay nagpapakita ng pagiging masigasig ng mga nila para maging maayos ang kanilang pamumuhay. Sipag at tiyaga ang madalas na baon ng mga Ibanag parsa sa pag-abot ng kanilang mga pangarap sa buhay at pamilya.

**Talahanayan 1. 3. Tatluhang Linya**

ISSN: 2799 - 1091


| *Ibanag na UNONI* | *Aral na Nakapaloob* |
|---|---|
| Y malappo egga laman y canan na,<br>Y talakak makkappak,<br>Y malappo, massappo.<br>( Ang masipag laging may pagkain sa mesa,<br>Ang tamad walang makain,<br>Ang masipag may makain.) | Magpursigi sa buhay. |
| Y magattam ta ziga-c,<br>Ta pangurianan<br>lubbe y pagayaya-c<br>( Ang taong nakaranas ng hirap sa buhay,<br>Balang araw,<br>Tagumpay ay makakamtan.) | Lahat ng paghihirap na nararanasan may kapalit na biyaya. |
| Y buruasi nga inikkao,<br>Nu ari atazzi,<br>Alawa nikaw.<br>(Ang damit na hiniram,<br>kung hindi masikip,<br>maluwang sa'yo.) | Matutong makontento kung anong mayroon ka. |
| Nadduruma Y ulu<br>Ari naggiritta Y<br>Kinat tu.<br>( Magkakaiba ang utak,<br>Hindi pare - pareho ang<br>Iniisip nila.) | Huwag ikumpara ang sarili sa iba dahil may kanya - kanya tayong kakayahan. |

Sa talahanayan 1.3, ito ay nagpapakita ng tatluhang anyo na kinapapalooban din ng iba't ibang aral gaya ng :

***Lahat ng paghihirap na nararanasan may kapalit na biyaya***. Ang aral na ito ay na makikita sa ilang unoni ng mga Ibanag ay nagpapatunay na sila ay matiyagan na kung saan hindi sila umaasa na masusuklian kaagad ng magandang resulta ang mga magandang gawain na kanilang ginagawa sa kanilang kapwa.

Ang unoni naito sa pamumuhay ng mga Ibanag ay nakikita parin magpahanggang sa kasalukuyan na kung saan makikita ito sa mga magulang na nagsusumikap na mapatapos ang kanilang mga anak sa pag-aaral na balang araw makakatapos ang kanilang mga anak sa pag-aaral ay mararamdaman na nila na napalitan na o nasuklian na ang kanilang paghihirap para maigapang ang kanilang mga anak.

***Matutong makontento kung anong mayroon ka.*** Ibig sabihin ng unoni na ito ng mga Ibanag ay huwag maghangad ng higit pa kung hindi kaya. Matutong magpasalamat kung anong mayroon ka ngayon.

Ang unoni na ito sa mga Ibanag ay nagpapakita ng kasapatan kung anong mayroon ang isang tao at masaya na sila kung ano ang maroon sila sa buhay dahil hindi sila nakakaapak ng kapwa tao.

***Huwag ikumpara ang sarili sa iba dahil may kanya - kanya tayong kakayahan.*** Ang aral na ito sa unoni ng mga Ibanag ay nagpapakita ng pakakaroon ng kanya - kayang

ISSN: 2799 - 1091


kakayahan ang bawat tao. Maaaring magkapareho man sa ibang bagay pero hinding - hindi magiging ikaw ang taong nais mong gayahin.

Ang unoni na ito ay huwag mong igaya ang iyong sarili sa ibang tao dahil may sarili kang kakayahan na maaaring wala sa taong ninanais mong maging.

**Talahanayan 1.4. Apatan na Linya**

| *Ibanag na UNONI* | *Aral na Nakapaloob* |
|---|---|
| Ari ka maniguru<br>Ta sinaddad na kayu<br>Ta egga laman y minafun<br>A kutu-kutu nga davvum.<br>( Huwag palinlang,<br>Sa itsura,<br>Maganda man ito sa labas,<br>Sa loob nito'y nabubulok.) | Huwag basta - basta manghusga, kilalanin muna ito. |
| Sikaw kurug a maya<br>Kataw ta gabbayan na<br>Ariammu itun<br>Ta ammum tu aru y lalung.<br>( Ikaw na tunay na nagmamahal,<br>Halika't buhatin ako,<br>Huwag hayaang mawala,<br>Marami ang gusto'y maangkin ako.) | Ipaglaban ang tunay na nararamdaman para sa minamahal.<br><br>Huwag hayaang maagaw ng iba ang taong mahal. |
| Maski attannang<br>Y balay nga ekku unekan<br>Sangaw nu amuluga<br>Siyempre tu mappagukuba.<br>( Kahit mataas,<br>Ang bahay na iyong inaakyatan,<br>Kapag ika'y bumaba,<br>Kakailanganin mo parin tumingin sa ibaba.) | Kahit gaano kataas ang iyong posisyon sa buhay may panahon na hihingi ka ng tulong sa mga tao sa paligid mo. |
| Ariammu tagtutan y<br>Grasya nicao mga duttal,<br>Innaggam mu mabunnay<br>Y allo na Dios ta tolay.<br>( H'wag mawalan ng pag-asa,<br>Darating din ang biyaya,<br>Matutong maghintay,<br>May awa ang Diyos.) | Maging matiyaga at habaan ang pasensiya sa lahat ng bagay. |
| Y attolay allale pilig,<br>Ta makaro - karolig,<br>Umay ta utun,<br>Umay ta gukab.<br>( Ang buhay ng tao ay parang gulong,<br>Paikot - ikot ito,<br>Minsan nasa itaas,<br>Minsan nasa ibaba.) | Lahat ng pagsubok sa buhay may solusyon, kaya huwag mawalan ng pag - asa. |

ISSN: 2799 - 1091


Sa talahanayang 1.4 ito makikita ang apatang anyo ng unoni ng mga Ibanag at mga sumusunod na aral:

***Huwag basta - basta manghusga, kilalanin muna ito***. Ito ang ugaling madalas taglayin ng ibang tao. Pero sa kultura ng mga Ibanag kakikitaan na hindi sila basta - basta nanghuhusga ng tao. Kinikilala muna nila ang mga ito at doon malalaman nila kung anong ugali at ano tunay na pagkatao nila.

Ang unoni ng mga Ibanag na ito ay nagpapakita na hindi sila basta -basta naniniwala sa mga sinasabi ng iba kundi kinikilala muna nila ang tao bago sila nagbibigay ng kanilang mga impresyon dito.

***Ipaglaban ang tunay na nararamdaman para sa minamahal/ Huwag hayaang maagaw ng iba ang taong mahal***. Huwag basta - bastang sumuko para sa taong minamahal. Ipakitang ikaw ay karapat - dapat sa kanya kahit hindi ka gusto ng mga taong nakapaligid sa iyong minamahal.

Ang unoni na ito ng mga Ibanag ay nagpapakita sa pag-uugali ng mga para sa kanilang mga iniirog o minahal. Naipapakita dito na hindi marunong ang mga Ibanag na paglaruan ang puso ng kanilang napupusuan.

***Kahit gaano kataas ang iyong posisyon sa buhay may panahon na hihingi ka ng tulong sa mga tao sa paligid mo.*** Ang ibig sabihin nito ay kahit gaano na kataas ang iyong dispusisyon sa buhay ay huwag kang makakalimot sa mga taong nakatulong sa iyo noong ikaw ay nasa ibaba pa lamang. Dahil hindi mo alam ang plano ng nasa itaas ngayon, baka bigla kang bumagsak o lumagapak ang mga taong iyong minamaliit noon ay ang mga taong tutulong sa iyo balang araw.

Ang unoni na ito sa mga Ibanag ay nagpapakita ng pagiging mapagpakumbaba, na kung saan dapat alam mo parin ang iyong pinagmulan at kung paano ka nagsimula bago ka napunta sa iyong posisyon ngayon.

***Maging matiyaga at habaan ang pasensiya sa lahat ng bagay***. Ang ibig sabihin nito ay huwag kang magmadali sa buhay dahil may tamang oras para sa lahat ng mga ninanais mong mangyari saiyo. Matutong maghintay at magpasalamat sa mga bagay na nangyayari sa iyong buhay.

Ang unino na ito sa mag Ibanag ay nagpapakita ng pagiging matiyaga at hindi nadadaan sa madalian ang lahat ng naisin mo sa iyong buhay. Lahat ay pinagtatrabahuan at pinagtitiyagahang abutin ng paunti - unti ang mga plano sa buhay.

***Lahat ng pagsubok sa buhay may solusyon, kaya huwag mawalan ng pag - asa***. Ang ibig sabihin nito ay bawat bagyong dumadating sa buhay ng mga tao ay mayroong panahon na sisikat din ang araw para sa iyo. Bawat problema sa buhay ay may nakaantabay na solusyon na siyang magbibigay kasagutan sa iyong mga problema.

Ang inoni na ito ng mga Ibanag ay tumutukoy sa pagiging malakas at matiyaga nila na kung saan hindi nila hinahayaan na ang problemang kanilang nararanasa sa buhay ay makaapekto sa kanilang pagkatao. Bagkus pinag-iisipian nila ng solusyon ang mga pagsubok na kanilang nararanasan at sama - sama nila itong haharapin.

**Talahanayan 1. 5. Limahang Linya**

| ***Ibanag na UNONI*** | ***Aral na Nakapaloob*** |
|---|---|
| Passil, siri anna tazzi<br>Ay bakka na kararua, | |

| | |
|---|---|
| Aya, kurug, anna allo dala na<br>Y mapolu kannaddaka<br>Y maporian mamatabba.<br>( Inggit, paghihinala at pananakit,<br>Ang daluyong ng buhay,<br>Ang una ay kakainina ka,<br>Ang pangalawa ay bubusugin ka.) | Huwag pasasakop sa sa galit dahil ito ang sisira saiyo. |
| Mas mapia y mangiyawa<br>Anne ta mangalawa<br>Maski gurameme y balem<br>Nu alawa y futum nga<br>Mangalawa ta ikattolem.<br>( Mas mbuti ang magbigay<br>Kaysa ang mabigyan,<br>Kahit sira - sira ang iyong bahay,<br>Kung maluwag sa puso mo,<br>Ang magbigay sa kapwa mo.) | Maging mapagbigay anuman ang sitwasyon mo sa buhay. |

Sa talahanayang 1.5 ito makikita ang limahang anyo ng mga unoni ng mga Ibanag at ang aral na nakapaloob dito gaya ng:
***Huwag pasasakop sa sa galit dahil ito ang sisira saiyo.*** Ang ibig sabihin nito, ang pag-iisip ng masama sa kapwa mo ay hindi maganda. Dahil ang inggit at galit ang siyang sisira sa iyong pagkatao.
Ang unoni na ito sa mga Ibanag ay dapat tayo ay maging mapagkumbaba at marunong magpatawad sa mga taong humihingi ng tawad sa atin. Hindi ka magiging masaya sa buhay kapag ikaw ay may dinadalang hinanakit sa isang tao.

***Maging mapagbigay anuman ang sitwasyon mo sa buhay.*** Ang aral na ito sa unoni ng mga Ibanag ay kakikitaan hanggang sa kasalukuyan. Mas gusto nila ang magbigay kaysa ang mabigyan, kahit walang wala sila kapag alam nila na mas nangangailangan ang taong lumapit sa kanila ay hindi sila nagdadalawang isip na magbigay sa mga ito.
Ang unoni na ito sa mga Ibanag ay nagpapakita ng kagandahang kaugalian nila hanggang sa kasalukuyan. Hindi nawawala sa kanila ang magbigay sa kapwa kung anuman ang mayroon sila.

2. **Tema ng mga Unoni ng Ibanag**

Ang mga unoni ng mga Ibanag ay may kanya - kanyang tema na kung saan pinangkang ng mananaliksik ang mga unoni base sa kani-kanialng tema at aral na nais ipabatid sa bawat nilalaman. Ang mga temang ito ay tumutukoy sa: (1) pagpapahayag ng panaalahat na paningin sa buhay at sa batas ng tao; (2) Mabuting asal; (3) Pagpapahayag ng pagpapahalaga ng mga tao; (4) pagpapahayag ng panlahat na katotohanan at pagmamasid sa buhay at kalikasan ng tao.

**Talahanayan 2.1. Papahayag ng panlahat na paningin sa buhay at sa batas ng tao.**

| | |
|---|---|
| Ari ca mamappalla ta bagu ca la nappaya. (Huwag kang magmataas dahil nagsisimula ka pa lang.) | Maging mapagkumbaba |
| Mapia ca nacuan nu maguinna ca ta tabarang.(Mabuti sana ang buhay mo | Makinig sa payo |

| | |
|---|---|
| kung nakinig ka sa mga payo.) | |
| Awan tu umune ta uton ng ari umuluk ta davvum. ( Walang sinuman ang nasa itaas na hindi nagsisimula sa ibaba.) | Laging isaisip kung saan ka nagsimula. |
| Vulauan paga ic cucum amu y ginafu-gafum. (Ginto man ang iyong kuko alam mo parin ang iyong pinagmulan.) | Hindi nakalilimot sa pinagmulan. |
| Awat tu tanakwan nga abugadum nu ari y nono^ mu anna futum. (Walang ibang magtatanggol sa'yo kundi ang iyong puso't isip.) | Pagpanig sa katotohanan. |
| Y napia nga pangnga-pangwa na.<br>Y kurug nga vulauan.<br>( Ang magandang pakikisama sa kapwa,<br>Ang totoong ginto.) | Maayos na realasyon sa kapwa. |
| Ari ka mappa - pakke<br>Ta awan, paga tu neture.<br>( Huwag kang magmayabang,<br>Dahil wala ka pang napapatunayan.) | Pagiging mapagkumbaba. |
| Kitu nga nepallo y uvug na,<br>Awan tu makaga na.<br>( Kung ano lang ang binigay mo,<br>Ganoon din ang matatanggap mo.) | Isagawa ang sinasalita. |
| Awan tu serbi na aru nga kukua.<br>Nu marake y pangpangapan na,<br>( Walang silbi ang maraming pera,<br>Kung sa masama naman nanggaling.) | Huwag manlinlang ng kapwa.<br>Ang yaman ay pinaghihirapan. |
| Ya tollay nga nalappat y massappat.<br>Ta tollay nga nalatac, y makkappag.<br>(Ang taong masipag may pagkaing maihahain sa hapag kainan,<br>Ang taong tamad ay walang makain.) | Maging pursigido sa buhay. |
| Y magattam ta ziga-c,<br>Ta pangurianan<br>lubbe y pagayaya-c<br>( Ang taong nakaranas ng hirap sa buhay,<br>Balang araw,<br>Tagumpay ay makakamtan.) | Lahat ng paghihirap na nararanasan may kapalit na biyaya. |
| Y buruasi nga inikkao,<br>Nu ari atazzi,<br>Alawa nikaw.<br>(Ang damit na hiniram,<br>kung hindi masikip,<br>maluwang sa'yo.) | Matutong makontento kung anong mayroon ka. |
| Nadduruma Y ulu<br>Ari naggiritta Y<br>Kinat tu. | Huwag ikumpara ang sarili sa iba dahil may kanya - kanya tayong kakayahan. |

ISSN: 2799 - 1091


| | |
|---|---|
| ( Magkakaiba ang utak,<br>Hindi pare - pareho ang<br>Iniisip nila.) | |
| Ari ka maniguru<br>Ta sinaddad na kayu<br>Ta egga laman y minafun<br>A kutu-kutu nga davvum.<br>( Huwag palinlang,<br>Sa itsura,<br>Maganda man ito sa labas,<br>Sa loob nito'y nabubulok.) | Huwag basta - basta manghusga,<br>kilalanin muna ito. |
| Sikaw kurug a maya<br>Kataw ta gabbayan na<br>Ariammu itun<br>Ta ammum tu aru y lalung.<br>( Ikaw na tunay na nagmamahal,<br>Halika't buhatin ako,<br>Huwag hayaang mawala,<br>Marami ang gusto'y maangkin ako.) | Ipaglaban ang tunay na nararamdaman para sa minamahal.<br><br>Huwag hayaang maagaw ng iba ang taong mahal. |
| Maski attannang<br>Y balay nga ekku unekan<br>Sangaw nu amuluga<br>Siyempre tu mappagukuba.<br>( Kahit mataas,<br>Ang bahay na iyong inaakyatan,<br>Kapag ika'y bumaba,<br>Kakailanganin mo parin tumingin sa ibaba.) | Kahit gaano kataas ang iyong posisyon sa buhay may panahon na hihingi ka ng tulong sa mga tao s apaligid mo. |
| Ariammu tagtutan y<br>Grasya nicao mga duttal,<br>Innaggam mu mabunnay<br>Y allo na Dios ta tolay.<br>( H'wag mawalan ng pag-asa,<br>Darating din ang biyaya,<br>Matutong maghintay,<br>May awa ang Diyos.) | Maging matiyaga at habaan ang pasensiya sa lahat ng bagay. |
| Y attolay allale pilig,<br>Ta makaro - karolig,<br>Umay ta utun,<br>Umay ta gukab.<br>( Ang buhay ng tao ay parang gulong,<br>Paikot - ikot ito,<br>Minsan nasa itaas,<br>Minsan nasa ibaba.) | Lahat ng pagsubok sa buhay may solusyon, kaya huwag mawalan ng pag - asa. |
| Passil, siri anna tazzi<br>Ay bakka na kararua,<br>Aya, kurug, anna allo dala na<br>Y mapolu kannaddaka | Huwag pasasakop sa sa galit dahil ito ang |

| | |
|---|---|
| Y maporian mamatabba.<br>( Inggit, paghihinala at pananakit,<br>Ang daluyong ng buhay,<br>Ang una ay kakainina ka,<br>Ang pangalawa ay bubusugin ka.) | sisira saiyo. |
| Mas mapia y mangiyawa<br>Anne ta mangalawa<br>Maski gurameme y balem<br>Nu alawa y futum nga<br>Mangalawa ta ikattolem.<br>( Mas mbuti ang magbigay<br>Kaysa ang mabigyan,<br>Kahit sira - sira ang iyong bahay,<br>Kung maluwag sa puso mo,<br>Ang magbigay sa kapwa mo.) | Maging mapagbigay anuman ang sitwasyon mo sa buhay. |

Sa talahanayang 2.1, ito ay tumutukoy sa tema ng mga unoni ng mga Ibanag . **Pagpapahayag ng panlahat na paningin sa buhay at sa batas ng tao,** makikita dito ang mga pananaw sa buhay ng mga tao base sa kanilang buhay at kung paano nila ito isasabuhay sa araw - araw. Dito natutukoy nila ang isang tao kung hanggang saan sila makakarating kapag ipinagkatiwala nila ang lahat sa Diyos.

**Talahanayan 2.2. Mabuting asal**

| | |
|---|---|
| Mapia ca nacuan nu maguinna ca ta tabarang.(Mabuti sana ang buhay mo kung nakinig ka sa mga payo.) | Makinig sa payo |
| Vulauan paga ic cucum amu y ginafu-gafum. (Ginto man ang iyong kuko alam mo parin ang iyong pinagmulan.) | Hindi nakalilimot sa pinagmulan. |
| Y napia nga pangnga-pangwa na.<br>Y kurug nga vulauan.<br>( Ang magandang pakikisama sa kapwa,<br>Ang totoong ginto.) | Maayos na realasyon sa kapwa. |
| Ari ka mappa - pakke<br>Ta awan, paga tu neture.<br>( Huwag kang magmayabang,<br>Dahil wala ka pang napapatunayan.) | Pagiging mapagkumbaba. |
| Kitu nga nepallo y uvug na,<br>Awan tu makaga na.<br>( Kung ano lang ang binigay mo,<br>Ganoon din ang matatanggap mo.) | Isagawa ang sinasalita. |
| Y buruasi nga inikkao,<br>Nu ari atazzi,<br>Alawa nikaw.<br>(Ang damit na hiniram,<br>kung hindi masikip,<br>maluwang sa'yo.) | Matutong makontento kung anong mayroon ka. |
| Ari ka maniguru<br>Ta sinaddad na kayu | Huwag basta - basta manghusga, |

| | |
|---|---|
| Ta egga laman y minafun<br>A kutu-kutu nga davvum.<br>( Huwag palinlang,<br>Sa itsura,<br>Maganda man ito sa labas,<br>Sa loob nito'y nabubulok.) | kilalanin muna ito. |
| Maski attannang<br>Y balay nga ekku unekan<br>Sangaw nu amuluga<br>Siyempre tu mappagukuba.<br>( Kahit mataas,<br>Ang bahay na iyong inaakyatan,<br>Kapag ika'y bumaba,<br>Kakailanganin mo parin tumingin sa ibaba.) | Kahit gaano kataas ang iyong posisyon sa buhay may panahon na hihingi ka ng tulong sa mga tao s apaligid mo. |
| Ariammu tagtutan y<br>Grasya nicao mga duttal,<br>Innaggam mu mabunnay<br>Y allo na Dios ta tolay.<br>( H'wag mawalan ng pag-asa,<br>Darating din ang biyaya,<br>Matutong maghintay,<br>May awa ang Diyos.) | Maging matiyaga at habaan ang pasensiya sa lahat ng bagay. |
| Y attolay allale pilig,<br>Ta makaro - karolig,<br>Umay ta utun,<br>Umay ta gukab.<br>( Ang buhay ng tao ay parang gulong,<br>Paikot - ikot ito,<br>Minsan nasa itaas,<br>Minsan nasa ibaba.) | Lahat ng pagsubok sa buhay may solusyon, kaya huwag mawalan ng pag - asa. |
| Passil, siri anna tazzi<br>Ay bakka na kararua,<br>Aya, kurug, anna allo dala na<br>Y mapolu kannaddaka<br>Y maporian mamatabba.<br>( Inggit, paghihinala at pananakit,<br>Ang daluyong ng buhay,<br>Ang una ay kakainina ka,<br>Ang pangalawa ay bubusugin ka.) | Huwag pasasakop sa sa galit dahil ito ang sisira saiyo. |
| Mas mapia y mangiyawa<br>Anne ta mangalawa<br>Maski gurameme y balem<br>Nu alawa y futum nga<br>Mangalawa ta ikattolem.<br>( Mas mbuti ang magbigay<br>Kaysa ang mabigyan,<br>Kahit sira - sira ang iyong bahay, | Maging mapagbigay anuman ang sitwasyon mo sa buhay. |

| | |
|---|---|
| Kung maluwag sa puso mo,<br>Ang magbigay sa kapwa mo.) | |

Sa talahanayang 2.2, ito ay nagpapakita ng temang tumutukoy sa **mabuting asal** ng mga Ibanag na kung saan binibigyang - diin dito ang kanilang pagkakaroon ng disiplina sa sarili sa pag-unawa sa mga napapanggan sa paligid at pagtukoy sa tama at mali. Isa ito sa mga may pinakamaraming unoni na naglalahad tungkol sa pagtuturo ng kagandahang - asal sa mga Ibanag. Nagiging gabay ng mga kabataan ang mga unoni na ito para sa mas maayos na pakikitungo sa kapwa at paggalang sa mga nakatatanda.

**Talahanayan 2.3. Pagpapahayag ng pagpapahalaga ng mga tao.**

| | |
|---|---|
| Mapia ca nacuan nu maguinna ca ta tabarang.(Mabuti sana ang buhay mo kung nakinig ka sa mga payo.) | Makinig sa payo |
| Vulauan paga ic cucum amu y ginafu-gafum. (Ginto man ang iyong kuko alam mo parin ang iyong pinagmulan.) | Hindi nakalilimot sa pinagmulan. |
| Y napia nga pangnga-pangwa na.<br>Y kurug nga vulauan.<br>( Ang magandang pakikisama sa kapwa,<br>Ang totoong ginto.) | Maayos na realasyon sa kapwa. |
| Awan tu serbi na aru nga kukua.<br>Nu marake y pangpangapan na,<br>( Walang silbi ang maraming pera,<br>Kung sa masama naman nanggaling.) | Huwag manlinlang ng kapwa.<br>Ang yaman ay pinaghihirapan. |
| Y magattam ta ziga-c,<br>Ta pangurianan<br>lubbe y pagayaya-c<br>( Ang taong nakaranas ng hirap sa buhay,<br>Balang araw,<br>Tagumpay ay makakamtan.) | Lahat ng paghihirap na nararanasan may kapalit na biyaya. |
| Y buruasi nga inikkao,<br>Nu ari atazzi,<br>Alawa nikaw.<br>(Ang damit na hiniram,<br>kung hindi masikip,<br>maluwang sa'yo.) | Matutong makontento kung anong mayroon ka. |
| Ari ka maniguru<br>Ta sinaddad na kayu<br>Ta egga laman y minafun<br>A kutu-kutu nga davvum.<br>( Huwag palinlang,<br>Sa itsura,<br>Maganda man ito sa labas,<br>Sa loob nito'y nabubulok.) | Huwag basta - basta manghusga, kilalanin muna ito. |
| Maski attannang<br>Y balay nga ekku unekan<br>Sangaw nu amuluga | |

| | |
|---|---|
| Siyempre tu mappagukuba.<br>( Kahit mataas,<br>Ang bahay na iyong inaakyatan,<br>Kapag ika'y bumaba,<br>Kakailanganin mo parin tumingin sa ibaba.) | Kahit gaano kataas ang iyong posisyon sa buhay may panahon na hihingi ka ng tulong sa mga tao s apaligid mo. |
| Ariammu tagtutan y<br>Grasya nicao mga duttal,<br>Innaggam mu mabunnay<br>Y allo na Dios ta tolay.<br>( H'wag mawalan ng pag-asa,<br>Darating din ang biyaya,<br>Matutong maghintay,<br>May awa ang Diyos.) | Maging matiyaga at habaan ang pasensiya sa lahat ng bagay. |
| Passil, siri anna tazzi<br>Ay bakka na kararua,<br>Aya, kurug, anna allo dala na<br>Y mapolu kannaddaka<br>Y maporian mamatabba.<br>( Inggit, paghihinala at pananakit,<br>Ang daluyong ng buhay,<br>Ang una ay kakainina ka,<br>Ang pangalawa ay bubusugin ka.) | Huwag pasasakop sa sa galit dahil ito ang sisira saiyo. |
| Mas mapia y mangiyawa<br>Anne ta mangalawa<br>Maski gurameme y balem<br>Nu alawa y futum nga<br>Mangalawa ta ikattolem.<br>( Mas mbuti ang magbigay<br>Kaysa ang mabigyan,<br>Kahit sira - sira ang iyong bahay,<br>Kung maluwag sa puso mo,<br>Ang magbigay sa kapwa mo.) | Maging mapagbigay anuman ang sitwasyon mo sa buhay. |

Sa talahanayan 2.3, ito ay tumutukoy sa temang **pagpapahayag ng pagpapahalaga ng mga tao,** na kung saan ang unoni ay isang malakas na paraan para maimpluwensiyahan ang mga Ibanag sa mga katotohanang nangyayri sa buhay. Ang temang ito ay hindi na kailangan pa ng mahabang paliwanagan para maisabuhay ng mga Ibanag, dahil sa nilalaman pa lamang ay nauunawaan na nila agad ang mga nais ipahiwatig na aral sa kanila.

**Talahanayan 2.4. Pagpapahayag ng panlahat na katotohanan at pagmamasid sa buhay at kalikasan ng tao.**

| | |
|---|---|
| Ari ca mamappalla ta bagu ca la nappaya. (Huwag kang magmataas dahil nagsisimula ka pa lang.) | Maging mapagkumbaba |
| Mapia ca nacuan nu maguinna ca ta tabarang.(Mabuti sana ang buhay mo kung nakinig ka sa mga payo.) | Makinig sa payo |
| Awan tu umune ta uton ng ari umuluk ta | |

| | |
|---|---|
| davvum. ( Walang sinuman ang nasa itaas na hindi nagsisimula sa ibaba.) | Laging isaisip kung saan ka nagsimula. |
| Vulauan paga ic cucum amu y ginafu-gafum. (Ginto man ang iyong kuko alam mo parin ang iyong pinagmulan.) | Hindi nakalilimot sa pinagmulan. |
| Awat tu tanakwan nga abugadum nu ari y nono^ mu anna futum. (Walang ibang magtatanggol sa'yo kundi ang iyong puso't isip.) | Pagpanig sa katotohanan. |
| Y napia nga pangnga-pangwa na.<br>Y kurug nga vulauan.<br>( Ang magandang pakikisama sa kapwa,<br>Ang totoong ginto.) | Maayos na realasyon sa kapwa. |
| Ari ka mappa - pakke<br>Ta awan, paga tu neture.<br>( Huwag kang magmayabang,<br>Dahil wala ka pang napapatunayan.) | Pagiging mapagkumbaba. |
| Kitu nga nepallo y uvug na,<br>Awan tu makaga na.<br>( Kung ano lang ang binigay mo,<br>Ganoon din ang matatanggap mo.) | Isagawa ang sinasalita. |
| Awan tu serbi na aru nga kukua.<br>Nu marake y pangpangapan na,<br>( Walang silbi ang maraming pera,<br>Kung sa masama naman nanggaling.) | Huwag manlinlang ng kapwa.<br>Ang yaman ay pinaghihirapan. |
| Ya tollay nga nalappat y massappat.<br>Ta tollay nga nalatac, y makkappag.<br>(Ang taong masipag may pagkaing maihahain sa hapag kainan,<br>Ang taong tamad ay walang makain.) | Maging pursigido sa buhay. |
| Y malappo egga laman y canan na,<br>Y talakak makkappak,<br>Y malappo, massappo.<br>( Ang masipag laging may pagkain sa mesa,<br>Ang tamad walang makain,<br>Ang masipag may makain.) | Magpursigi sa buhay. |
| Y magattam ta ziga-c,<br>Ta pangurianan<br>lubbe y pagayaya-c<br>( Ang taong nakaranas ng hirap sa buhay,<br>Balang araw,<br>Tagumpay ay makakamtan.) | Lahat ng paghihirap na nararanasan may kapalit na biyaya. |
| Y buruasi nga inikkao,<br>Nu ari atazzi,<br>Alawa nikaw.<br>(Ang damit na hiniram, | Matutong makontento kung anong mayroon ka. |

| | |
|---|---|
| kung hindi masikip,<br>maluwang sa'yo.) | |
| Nadduruma Y ulu<br>Ari naggiritta Y<br>Kinat tu.<br>( Magkakaiba ang utak,<br>Hindi pare - pareho ang<br>Iniisip nila.) | Huwag ikumpara ang sarili sa iba dahil may kanya - kanya tayong kakayahan. |
| Ari ka maniguru<br>Ta sinaddad na kayu<br>Ta egga laman y minafun<br>A kutu-kutu nga davvum.<br>( Huwag palinlang,<br>Sa itsura,<br>Maganda man ito sa labas,<br>Sa loob nito'y nabubulok.) | Huwag basta - basta manghusga, kilalanin muna ito. |
| Sikaw kurug a maya<br>Kataw ta gabbayan na<br>Ariammu itun<br>Ta ammum tu aru y lalung.<br>( Ikaw na tunay na nagmamahal,<br>Halika't buhatin ako,<br>Huwag hayaang mawala,<br>Marami ang gusto'y maangkin ako.) | Ipaglaban ang tunay na nararamdaman para sa minamahal.<br><br>Huwag hayaang maagaw ng iba ang taong mahal. |
| Maski attannang<br>Y balay nga ekku unekan<br>Sangaw nu amuluga<br>Siyempre tu mappagukuba.<br>( Kahit mataas,<br>Ang bahay na iyong inaakyatan,<br>Kapag ika'y bumaba,<br>Kakailanganin mo parin tumingin sa ibaba.) | Kahit gaano kataas ang iyong posisyon sa buhay may panahon na hihingi ka ng tulong sa mga tao s apaligid mo. |
| Ariammu tagtutan y<br>Grasya nicao mga duttal,<br>Innaggam mu mabunnay<br>Y allo na Dios ta tolay.<br>( H'wag mawalan ng pag-asa,<br>Darating din ang biyaya,<br>Matutong maghintay,<br>May awa ang Diyos.) | Maging matiyaga at habaan ang pasensiya sa lahat ng bagay. |
| Y attolay allale pilig,<br>Ta makaro - karolig,<br>Umay ta utun,<br>Umay ta gukab.<br>( Ang buhay ng tao ay parang gulong,<br>Paikot - ikot ito,<br>Minsan nasa itaas, | Lahat ng pagsubok sa buhay may solusyon, kaya huwag mawalan ng pag - asa. |

| | |
|---|---|
| Minsan nasa ibaba.) | |
| Passil, siri anna tazzi<br>Ay bakka na kararua,<br>Aya, kurug, anna allo dala na<br>Y mapolu kannaddaka<br>Y maporian mamatabba.<br>( Inggit, paghihinala at pananakit,<br>Ang daluyong ng buhay,<br>Ang una ay kakainina ka,<br>Ang pangalawa ay bubusugin ka.) | Huwag pasasakop sa sa galit dahil ito ang sisira saiyo. |
| Mas mapia y mangiyawa<br>Anne ta mangalawa<br>Maski gurameme y balem<br>Nu alawa y futum nga<br>Mangalawa ta ikattolem.<br>( Mas mbuti ang magbigay<br>Kaysa ang mabigyan,<br>Kahit sira - sira ang iyong bahay,<br>Kung maluwag sa puso mo,<br>Ang magbigay sa kapwa mo.) | Maging mapagbigay anuman ang sitwasyon mo sa buhay. |

Sa talahanayang 2.4, ito tumutukoy sa temang p**agpapahayag ng panlahat na katotohanan at pagmamasid sa buhay at kalikasan ng tao,** ipinapakita dito ang magandang naibabahagi ng uno ni sa buahay ng mga tao at kung paano nakatulong ang mga unoni na ito sa sa pag- abot ng kanilang mga pangarap sa buhay sa kabila ng mga pagsubok na naranasan ng mga Ibanag. Dito sinusubok ang kahabaan ng pasensiya ng mga Ibanag sa buhay para sa inaasam na maayos na pamumuhay.

**Pagpapahalaga**

Kahit na madaming dekada na ang nakalipas ay ginagamit parin hanggang sa kasalukuyan ng mga Ibanag ang mga aral na nakapaloob sa kanilang mga unoni. Ilan sa mga kasagutan ng mga respondante na naging bahagi ng kanilang paglaki ang mga aral na nais ipabatid ng bawat unoni. Madalas parin nilang binabanggit ang mga unoning ito sa pagbibigay payo sa mga kabataang nawawala sa kanilang mga landas para sila'y itama. Laging naiuugnay sa buhay ng mga mamamayan dito ang mga unoni na kanilang binabanggit na sakto sa mga nais ipahayag ng mga matatanda para hindi mawala ang paggalang ng mga kabataan at mananatiling gabay ngayon at sa susunod pang mga taon.

## KONGKULSYON AT REKOMENDASYON

### Kongklusyon

Batay sa pag - aaral ng mananaliksik, narito ang mga sumusunod na kongklusyon:
Ang mga unoni ng mga Ibanag ay nananatiling nakaakibat sa buhay ng mga Ibanag hanggang sa kasalukuyan. Bahagi na ito ng kanilang pang - araw - araw na pamumuhay para sa pagbibigay ng mga payo, pagbibigay - aral, pagpapaalala at pagpapamulat sa tunay na pamumuhay ng mga Ibanag sa mga bagong henerasyon sa kasalukuyan. Umunlad man ang lungsod ng Tuguegarao City ay napapanatili parin ng mga Ibanag ang kanilang literatura isa na dito ang kanilang mga unoni na hanggang sa ngayon na nagagamit at naisasabuhay sa kanilang pang - araw - araw na gawain. Ipinapakita din sa mga unoni ng mga Ibanag ang magandang relasyon nila sa kapwa

ISSN: 2799 - 1091


at malakas na pananalig at debosyon sa Diyos. Nagpapakita din ang unoni ng mga Ibanag ay hindi namamatay at pinapahalagahan nila ito. Malakas ang impluwensiya ng unoni dahil tagos ang mga aral nito sa mga puso at damdamin ng mga Ibanag.

Sa kabuuan, nakapalaking tulong ng mga unoni sa ng buhay ng mga Ibanag sa tamang paggabay nila sa kanilang mga anak lalo na sa kanilang pagpapalaki ng maayos na naging instrumento nila sa pagbibigay - aral, payo at paalala sa mga kabataan hindi lamang noon kundi hanggang ngayong kasalukuyan.

**Rekomendasyon**

1. Kailangan gumawa ang gobyerno ng isang ahensya na siyang magprepreserba sa mga literatura hindi lamang ng mga Ibanag kundi ng iba pang mga pangkat etniko na malapit ng mawala at makalimutan.
2. Bawat barangay sa lungsod ng Tuguegarao ay magkaroon ng kani - kanilang mga kopya ng kanilang mga unoni at paliwanag sa bawat unoni para sa mga susunod na henerasyon.
3. Bawat parke ng lungsod ng Tuguegarao ay may mga poster ng mga unoni para mabasa hindi lang ng mga matatanda kundi pati ng mga kabataan.
4. Magkaroon ng unoni ang bawat silid - aralan para sa pagpapaalala sa mga susunod na henerasyon sa mga aral na nakapaloob dito.

ISSN: 2799 - 1091


**Sanggunian:**

ACADEMIA DE SAN PEDRO CALUNGSOD, Barangay East Poblacion, City of Naga, CebuEmail Add: aspc_naga@yahoo.comFax & Telephone No: 239-2261School Year 2020 – 2021

Ajesta, A.L. (2011). Salawikaing Butuanon: Isang Pagsusuri sa mga Aral. Volume 16. No.1, June-July 2011

Cuarteros, J. B. (2016), The Social Life of the Itawes as Reflected in the Major themes of their Literature, International Journal Advances in Social Science and Humanities Available online at: www.ijassh.com.

Melad, J. M. M., (2014). YBANAG UNONI: REFLECTIVE OF VALUES AND VIRTUES, Bannag: Journal of Local Knowledge, Volume 1, Number 1, Year 2014 ISSN: 2423-1347.

Santiago, Lilia Q. (2007). Mga Panitikan ng Pilipinas.C & E Publishing House. Quezon City..

Siplac, G. L. (2021), ELUCIDATING THE TRANSLATED ITAWES PROVERBS: A COMMUNICATIONAL APPROACH, International Journal of Arts, Sciences and Education, Volume 2 Issue 1, ligutangrace04@gmail.com

SIPLAC, G. (2022). An Analysis and Translation of Selected Filipino Elegy. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, *3*(2 June Issue), 249–261. Retrieved from https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/145

Romero, Rhodora B. Unoni: A Textual Analysis of Ybanag Proverbs. The Asian ESP Journal.CagayanState University - Andrews Campus rhodoraromero2@gmail.com

Romero, Rhodora B. (2019). Content Analysis of Itawes Proverbs. *International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences.* **ISSN: 2278-6236.** Andrews Campus Tuguegarao City, Cagayan, Philippines 3500

https://dekahala.blogspot.com/2021/04/kahalagahan-ng-panitikan-ayon-sa-mga.html

https://lsu.edu.ph/application/files/2314/7193/8442/Vol._16_No._1_-_Salawikaing_Butuanon___Isang_Pagsusuri_sa_mga_Aral.pdf

https://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/Introduksiyon_sa_Pagsasalin.pdf

https://pdfcoffee.com/pananaliksik-tungkol-sa-wikang-ibanag-jessy-cassandra-m-mapanao-10-generosity-3-pdf-free.html